# DEKLARASYON TUNGKOL SA MGA TAGAPAGTANGGOL NG KARAPATANG PANTAO

## 20 TAON MAKALIPAS ANG PAGPAPATIBAY

20 taon makalipas ang pagpapatibay ng Deklarasyon, may ilang **PAGSULOG** na sa proteksiyon ng mga Tagapagtanggol ng Karapatang Pantao o Human Rights Defenders (HRDs)

Isinasagawa sa ilang bansa sa Asya ang mga diskusyon tungkol sa **PAGBUO AT PAGPAPATUPAD NG MGA BATAS AT POLISIYA** para matiyak ang proteksiyon ng HRDs

Ilang estado na ngayon ang **KUMIKILALA AT SUMUSUPORTA** sa HRDs

Naging posible ang pagsulong na ito sa pamamagitan ng mga pagkilos ng mga HRDs na sa loob ng 20 taon o higit pa ay walang pagod na nagtatanggol at nagtataguyod ng mga karapatang pantao sa Asya at sa labas nito


SA KABILA NG MGA POSITIBONG DEBELOPMENT NA ITO, **NANANATILING TALAMAK ANG PAGLABAG SA KARAPATAN NG HRDS AT KAILANGAN PA NG MASINSINANG TRABAHO SA PAGPAPATUPAD NG DEKLARASYON**. SA PAGITAN LAMANG NG ENERO 2017 AT HUNYO 2018, INIULAT NG FORUM-ASIA NA MAY*:

*Maaaring hindi kinakatawan ng datos ang lahat ng nangyayaring paglabag laban sa HRDs sa Asya


**3400** na HRDs, kabilang ang NGOs, apektado ng mga paglabag na ito

**465** na kaso ng mga paglabag sa karapatan ng HRDs sa 17 na bansa sa Asya

### MGA KARANIWANG ANYO NG PAGLABAG LABAN SA HRDS




### MGA PINAKAAPEKTADONG KATEGORYA NG W/HRDS




## PAANO NATIN MAGAGAMIT ANG DEKLARASYON SA PAGPAPAIBAYO NG PROTEKSIYON NG HRDS?

**IGIIT SA MGA ESTADO NA IGALANG AT TUMUPAD** sa mga pandaigdigang batas at pamantayan sa mga karapatang pantao

Gumanap ng **AKTIBONG PAPEL** kasama ang iba pang mga komunidad ng HRDs, para **MAPOPULARISA** ang Deklarasyon at **MABIGYANG-DIIN** ang kahalagahan ng trabaho ng HRDs at ang mga hamong hinaharap nila

**HINGIN SA MGA ESTADO NA LUMIKHA NG MGA KINAKAILANGANG MEKANISMO** para sa epektibong proteksiyon ng mga tagapagtanggol ng HRDs

Ipagpatuloy ang **PAGPAPALAKAS AT PAGPAPAIBAYO** sa mga nagawa ng iba sa pagtutulak na maipatupad ang Deklarasyong ito

Batid ng FORUM-ASIA at Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA) ang pangangailangang tugunan ang kriminalisasyon at pang-aabuso laban sa mga HRD, na may mahalagang papel sa pagsisiguro na protektado at naisasakatuparan ang karapatang pantao ng bawat isa. Sa ika-20 anibersaryo ng Deklarasyon ng HRDs, ang FORUM-ASIA ay bubuo ng biswal na mga materyal na magbibigay-diin sa kahalagahan ng mga HRD at kanilang mga kontribusyon, mga karapatan, at sa mga responsibilidad ng iba para sa mga HRD, ayon sa Deklarasyon. Ang PAHRA ay isang alyansa ng mga organisasyon at mga indibidwal na nagtataguyod at nagtatanggol ng karapatang pantao para sa lahat. Ang PAHRA ay miyembro ng FORUM-ASIA.

FORUM-ASIA · AHRD Asian Human Rights Defenders · PAHRA · PROTECTDEFENDERS.EU